| English | Filipino (Tagalog) |
|---|---|
| **Travelling out of the ACT** | **Paglalakbay sa labas ng ACT** |
| Travelling interstate | Paglalakbay sa ibang estado |
| You should not travel if you are unwell. | Hindi ka dapat maglakbay kung ikaw ay may sakit. |
| Please carefully consider the need to travel outside of the Canberra region, and look up the travel restrictions for the state or territory you are planning to visit. | Mangyaring maingat na pag-isipan ang pangangailangang maglakbay sa labas ng rehiyon ng Canberra, at alamin ang mga paghihigpit sa paglalakbay sa estado o teritoryo na pinaplano mong bisitahin. |
| If you choose to travel, it is your responsibility to maintain physical distancing and practise good hygiene. | Kung pinili mong maglakbay, responsibilidad mong panatilihin ang pisikal na pagdistansiya at magsagawa ng wastong kalinisan. |
| Adhere to the rules of the state you are travelling to. Check the rules for each state or territory. | Sundin ang mga patakaran ng estado na iyong pupuntahan. Tingnan ang mga patakaran para sa bawat estado o teritoryo. |
| More travel advice is available on the Department of Health website. | May karagdagang payo sa paglalakbay sa website ng Department of Health. |
| Travelling to NSW | Paglalakbay sa NSW |
| Be aware of areas in New South Wales (NSW) where there are clusters of COVID-19 cases and reconsider your need to travel to these areas. Only travel to these areas for essential reasons.<br><br>Travellers returning to the ACT from NSW hotspots will be required to quarantine for 14 days.<br>https://www.covid19.act.gov.au/community/travelling-and-transport | Tandaan na may mga lugar sa New South Wales (NSW) kung saan may mga kumpol (clusters) ng mga kaso ng COVID-19 at pag-isipang muli ang pangangailangan mong maglakbay sa mga lugar na ito. Maglakbay lamang sa mga lugar na ito kung kailangang-kailangan.<br><br>Ang mga manlalakbay na pabalik sa ACT mula sa mga delikadong lugar (hotspots) sa NSW ay aatasang magkuwarentena nang 14 na araw.<br>https://www.covid19.act.gov.au/community/travelling-and-transport |

| | |
|---|---|
| To find out more about NSW hotspots,visit the New South Wales website for latest information on cases. https://www.nsw.gov.au/covid-19/latest-news-and-updates | Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga hotspot sa NSW, bisitahin ang website ng New South Wales para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa mga kaso. https://www.nsw.gov.au/covid-19/latest-news-and-updates |
| Canberrans can visit NSW for a holiday. | Ang mga Canberrans ay maaaring bumisita sa NSW para magbakasyon. |
| Important information about travelling to Victoria. | Mahalagang impormasyon tungkol sa paglalakbay sa Victoria |
| Canberrans are being strongly advised not to travel to Victoria at this time except for essential reasons. Canberrans that choose to travel to Victoria will be required to undertake quarantine for a period of 14 days on their return.<br><br>More information on returning from Victoria is available https://www.covid19.act.gov.au/community/translated-resources | Ang mga Canberrans ay mahigpit na pinapayuhang huwag maglakbay sa Victoria sa panahong ito maliban sa mga mahahalagang kadahilanan. Ang mga Canberrans na piniling maglakbay sa Victoria ay aatasang sumailalim sa kuwarentena nang 14 na araw sa kanilang pagbabalik.<br><br>May makukuhang karagdagang impormasyon tungkol sa pagbalik mula sa Victoria. https://www.covid19.act.gov.au/community/translated-resources |
| While we don’t have any active cases right now, the risk of new cases increases with more people travelling interstate. | Kahit na wala tayong anumang aktibong kaso sa ngayon, ang panganib na magkaroon ng mga bagong kaso ay nadaragdagan sa paglalakbay ng mas maraming mga tao sa ibang estado. |